Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA-115 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-20225) NG CAVINTI, LAGUNA , NA GINANAP NOONG IKA-10 NG PEBRERO, 2025, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO : KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANGALAWANG PUNUMBAYAN.

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC President;

HINDI DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
(*Vacation Leave*)
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President
*(Both on Official Business)*

**RESOLUTION NO. 553 - 2025**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN SA IKA-DALAWAMPU'T TATLONG TAONG (23) PAGKAKATATAG NG CAVINTI INTEGRATED NATIONAL HIGH SCHOOL AT PAGBATI SA KANILANG SELEBRASYON NG PAGKAKATATAG NGAYONG IKA-14 NG PEBRERO 2025.**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committees on Education and Ordinances and Legal Matters*

**Co-Sponsors:**

Hon. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Hon. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Hon. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Hon. Elma P. Flores, SB Member
Hon. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Hon. Manuel A. Dela Roca, ABC President;

**SAPAGKAT,** ang *Cavinti Integrated National High School* ay naitatag bilang bahagi pa ng *Lumot National High School Extension* taong 2002;

**SAPAGKAT,** ito ay bunga rin pagsisikap ng mga nanunungkulan at iba pang indibidwal na mamamayan na makapagtayo ng Paaralang Pang-Sekondarya bunga na rin ng paglago ng populasyon ng mga mag-aaral na wala namang paaralan sa gitnang-bayan kung kaya't ito ay kagya't na maihanap ng isang lagay na lupang pag-aari ng Lokal na Pamahalaan ng Bayan ng Cavinti na nasasakupan naman ng Baryo ng Duhat;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE MEJILLA
DATE: 02-25-25

**SAPAGKAT,** kinakailangan din mga mamamayan at magulang na maibigay sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng Edukasyon sa buhay at mapag-aral din sila sa mas malapit na paaralang abot kaya ang bigay na suporta upang sila ay ganap na mapag-aral at mabawasan na rin ang iba pang gastosin sa paglalakbay sa kalapit-bayang may paaralang pang-sekondarya;

**SAPAGKAT,** ng taong 2007 ito ay naging Cavinti National High School at sa pagbabago ng mga sistemang pang-edukasyon ito ay tuluyang ng naging Cavinti Integrated National High School ng taong 2017;

**SAPAGKAT,** batid naman natin na ang paaralang ito ay isa ring institusyon na naghahatid ng mataas na karunungan , makapagsilbi sa mga mag-aaral mula sa *Junior High School* patungo sa *Senior High School* na balang araw ay magiging propesyonal at matatag na mamamayan na makakapag-ambag kontribusyon sa kaunlaran ng Bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, miyembro ng Sangguniang Bayan at Tagapangulo ng Komite ng Edukasyon at buong sinang-ayunan ng lahat ng miyembrong dumalo, na

IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Sangguniang Bayan ng Cavinti na **MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN SA IKA-DALAWAMPU'T TATLONG TAONG(23) PAGKAKATATAG NG CAVINTI INTEGRATED NATIONAL HIGH SCHOOL AT PAGBATI SA KANILANG SELEBRASYON NG PAGKAKATATAG NGAYONG IKA-14 NG PEBRERO 2025.**

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito at Plake ng Pagkilala ang Tanggapan ng DepEd Cavinti Sub-Office sa pamamagitan ni G. ARMIN CABRALES, PSDS, at Tanggapan ng Punong Guro at Pamunuan ng *Cavinti Integrated National High School* Barangay Duhat Cavinti, Laguna para sa kanilang makabuluhang kaalaman at kaukulang Tala.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-115 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan (2022-2024) Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-10 ng Pebrero 2025.

**NANETTE V. JUAREZ**
Bookbinder III

**MAY KINALAMAN:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN AT NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**